Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-12 NG DISYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN<br>Nasa lakad opisyal |

KAPASIYAHAN BLG. 275-T'2001

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 197-T'2001 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 04-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ NA INILALAAN ANG HALAGANG LABING TATLONG LIBO, LIMAMPUNG PISO (P13,050.00) MULA SA PONDONG WALANG PINAGLALAANAN UPANG IPAMBILI NG KAGAMITAN AT MATERYALES NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* ang halagang P13,050.00 mula sa 5% reserved IRA nang taong 1998 na itinuring na "savings" at napalagay sa Pangkalahatang pondo ay inilaan bilang pambili ng kagamitan at materyales ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang Bayan, lakip ang mga tagubiling nais na ipahatid para sa ikaaayos ng badyet ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Angelito U. Limjuco at Edgardo T. Porca, at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 197-T'2001 / Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 04-T'2001 ng Sang. Brgy. ng Santisima Cruz na inilalaan ang halagang P13,050.00 mula sa pondong walang pinaglalaanan upang ipambili ng kagamitan at materyales ng nabanggit na barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Santisima Cruz, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan